ANG Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LI Blg. 13
Hulyo 7, 2020
www.cpp.ph




EDITORYAL

# Puksain ang halimaw na si Duterte

Nakatakda nang higitan ng rehimeng Duterte ang lahat ng nagdaang reaksyunaryong rehimen sa sukatan ng korapsyon, pang-abuso, panunupil at pagtataksil sa loob lamang ng apat na taon. Sa ilalim ng kanyang tiranikong paghahari, nagkamal ng labis-labis na yaman at kapangyarihan ang halimaw na si Duterte, pati na ang kanyang mga alipures na burukratang kapitalista at burgesyang komprador at kanilang mga dayong imperyalistang amo.

Habang nangabundat ang mga naghahari, subsob naman sa labis-labis na pagdarahop at pagdurusa ang sambayanang Pilipino. Mula 2016, tuluy-tuloy na sumasadsad ang kabuhayan ng bayan—ng mga manggagawa, magsasaka, malaproletaryado, petiburges at pambansang burges. Pahirap at pasakit ang hatid ng mga patakarang dikta ng dayong malalaking kapitalista at bangko. Pinakabusabos ang kalagayan ng masang anakpawis. Nilulumpo sila ng malawakang disempleyo, mababang sahod at kita, kawalan ng lupa, sumisirit na presyo ng mga bilihin, pabigat na buwis, kawalan ng tirahan, sakit at nabubulok na serbisyong pangkalusugan at panlipunan.

Nagkakamal ng yaman ang iilan habang lugmok at hindi makatayo-tayo sa sariling paa ang ekonomya ng Pilipinas. Habang nilulunod ang bayan sa dagat ng dayong pautang, pumapaimbulog naman ang kinakamkam na tubo ng mga burgesyang kumprador at dayuhang malalaking kapitalista. Hindi mabusug-busog ang mga manghuhuthot at mandarambong sa yamang likas at lakas ng Pilipinas; habang nangangayayat naman ang bansang atrasado sa produksyong agrikultural at walang mga kailangang kailangang mga industriya.

Lalong naagnas ang pambansang kasarinlan ng Pilipinas dahil sa pagsuko ng mga karapatan ng bansa sa harap ng papatinding pandarambong at tagisang militar ng magkaribal na imperyalistang US at China. Kapalit ng ilambilyong dolyar na pangakong pautang, suhol, at personal at pampulitikang pabor, isinuko ni Duterte ang teritoryo ng Pilipinas sa dagat at lupa, pinabayaan ang China na wasakin ang yamang karagatan, at pagkaitan ng pangisdaan ang mamamalakayang Pilipino. Kapalit ng patuloy na suportang militar at pampulitika ng US, tinapos ni Duterte ang usapang pangkapayapaan at nangakong gagapiin ang rebolusyonaryong kilusan. Binawi niya ang huwad na bantang ibasura ang Visiting Forces Agreement at patuloy na isinusulong ang kontra-mamamayang kampanya sa kontra-insurhensya.

Sa tuktok ng bayang nagdarahop, nakaluklok sa trono si Duter-

teng halimaw. Sa ilalim ng apat na taong paghahari, nilabusaw ang Pilipinas sa krimen at korapsyon ng mga naghaharing burukratang kapitalista. Ibinulsa ang pondo ng bayan at pinagkakitaan ang mga kontrata sa imprastruktura. Pinaburan ang mga negosyong marunong "makisama" habang inipit ang mga tumangging yumuko sa kanyang buktot na kapangyarihan. Pinalibutan niya ang sarili ng mga binusog na upisyal ng militar upang ipagtanggol siya laban sa kanyang karibal.

Sa nagdaang apat na taon, sinalanta ang bayan ng walang-habas na teroristang gera laban sa api at naghihirap. Ilampung libo ang pinaslang sa huwad na "gera sa droga" para paluhurin at pasunurin ang mga sindikato. Ilampung libo ang sinalanta ng pagwasak at okupasyong militar sa Marawi City at nagpapatuloy na gera laban sa mamamayang Moro. Kaliwa't kanang kalupitan, pamamaslang, maramihang paninindak, panlilinlang, at pagsupil sa demokratikong karapatan ang hatid ng gera laban sa bayan sa tabing ng anti-komunismo. Sunud-sunod na ipinatupad ang batas militar sa Mindanao, Memorandum Order 32 at Executive Order 70 upang ipataw sa buong bayan ang paghaharing militar.

Sa pagpirma sa tinaguriang "Anti-Terror Law," nakaputong ngayon sa kanyang ulo ang korona ng naghahari-hariang diktador. Hawak niya ngayon ang batas na nagbibigay sa kanya ng kapangyarihang gamitin ang buong bangis ng terorismo ng estado para sindakin, supilin o gapiin ang sinumang kritiko o kalaban. Sa pamamagitan ng batas na ito, inangkin ni Duterte ang mga kapangyarihang lagpas sa itinakda ng konstitusyong 1987. Niyuyurakan ng batas na ito ang mga batayang karapatang sibil at pampulitika.

Pinagkaabalahan ni Duterte ang kanyang iskema ng pagtatatag ng isang pasistang diktadura habang ang buong bayan ay dumaranas ng pandemyang Covid-19. Ang palyadong militaristang tugon ng kanyang gubyerno sa banta sa kalusugang pampubliko ay nagresulta sa patuloy at bumibilis pang pagkalat ng bayrus sa buong bansa. Matapos ang antalang pagkilos, bigong paghahanda at pagpapatatag ng sistemang pangkalusugan, ipinataw ni Duterte ang militaristang *lockdown* para kontrolin ang buong populasyon bilang nangungunang solusyon sa pandemya at bilang paghahanda sa mga paghihigpit sa ilalim ng bagong pasistang kaayusan.

Sinayang niya ang sakripisyo at hirap ng bayan dahil wala naman siyang ginawang hakbang para isagawa ang *mass testing* at malawak na *contact-tracing*, pagpapalakas ng mga laboratoryo at libreng paggagamot ng mga nagkakasakit ng Covid-19. Sa halip, dinambong ang bilyun-bilyong piso sa maanomalyang pagbili ng mga kagamitan, ginutom ang bayan, at winasak ang kanilang mga hanapbuhay. Malinaw na malinaw ngayon sa bayan, si Duterte ang numero unong banta sa kanilang kalusugan at kaligtasan sa gitna ng pandemya.

Sa harap ng malawak na pagdurusa at pagkasikil, nag-uumapaw ang galit ng buong bayan kay Duterte. Masidhi ang kanilang paghahangad na puksain ang halimaw at tapusin ang kanyang buktot na paghahari. Determinado silang tapusin ang paghahari ni Duterte sa lalong madaling panahon at papanagutin siya sa lahat ng kanyang krimen laban sa bayan at sangkatauhan.

Tapos na ang panahon ng pagtitiis at pagiging kimi. Pinangingibabawan nila ang takot at tinitipon ang tibay ng loob para sama-samang kumilos at lumaban. Nagiging mas matapang sila sa pagsasalita at paggigiit ng kanilang panawagang magbitiw o patalsikin si Duterte. Malapad na hanay ngayon ng iba't ibang mga demokratikong pwersa ang nagkakapit-bisig laban sa kanyang tiraniya. Habang lalong lumalaki ang tinitipong kapangyarihan at kayamanan ng halimaw, lalo siyang nahihiwalay sa mamamayan. Mabangis man at makapangyarihan, walang laban ang halimaw sa lakas ng nagkakaisang bayan.

*"Puksain...," sundan sa pahina 3*

ANG Bayan

Tomo LI Blg. 13 | Hulyo 7, 2020

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/prwcnewsroom

@prwc_info

cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

| | |
|---|---|
| **Editoryal:** Puksain ang halimaw na si Duterte | 1 |
| IATF, palpak sa pagsugpo sa Covid-19 | 4 |
| "Aktibista, hindi terorista" | 5 |
| 31 raliyista, inaresto | 5 |
| Bagong lipat na batalyon, binigwasan | 5 |
| Pagsasanay militar sa Samar | 6 |
| Pagtutulungan sa gitna ng pandemya | 6 |
| 8 magsasaka, pinaslang sa loob ng 8 araw | 7 |
| Taga-ulat ng UN, tutol sa Terror Bill | 7 |
| Ina at sanggol, ibinalik sa kulungan | 7 |
| Ulat ng mga paglabag sa karapatan | 8 |
| Nakapokus na operasyong militar sa Leyte | 8 |
| Brutalidad sa Caraga, sasahol | 9 |
| Kasaysayan ng pagkaalipin ng mga Itim | 9 |
| Pang-uupat ng gera sa SCS | 10 |
| Parangal kay Comrade Zia | 10 |
| 10,000 nagtipon sa base ng CPI-Maoist | 10 |
| Pagpupugay kay Kasamang Jaime Soledad | 13 |

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

"Puksain...," mula sa pahina 2

Hinihikayat ng Partido ang lahat ng demokratikong uri, sektor at grupo na tumindig, mag-organisa at buuin ang malapad na pagkakaisa upang puspusang ipaglaban ang kanilang mga karapatan, labanan ang terorismo ng estado, korapsyon, pagpapahirap at pagtatraydor ng rehimeng Duterte sa bayan. Dapat silang maglunsad ng malalaking martsa at rali sa lansangan at isagawa ang iba't ibang anyo ng paglaban upang tipunin ang lakas ng bayan at ang kapangyarihang baguhin ang takbo ng kasaysayan.

Sa harap ng tumitinding terorismo ng reaksyunaryong estado, dapat puspusang ipagtanggol ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang bayan laban sa teroristang atake sa kanilang mga karapatan. Habang patuloy na binibigyang-prayoridad ng BHB ang pagbibigay ng pangkalusugan at pang-ekonomyang serbisyo sa bayan sa harap ng pandemyang Covid-19, dapat tugunan ng mga yunit nito ang paghahangad ng bayan para sa katarungan at parusahan ang mga pasistang terorista at pagbayarin sila sa kanilang mga krimen laban sa mamamayan.

Ang walang kaparis na pagdurusa ng bayan sa ilalim ng rehimeng Duterte ay salamin ng pamalagiang krisis ng bulok na sistema sa Pilipinas. Idinidiin nito ang pangangailangang isulong ang pambansa-demokratikong rebolusyon upang wakasan ang nagnanaknak na sistemang malakolonyal at malapyudal, kamtin ang pambansang kalayaan at demokrasyang bayan, at itatag ang malaya, progresibo at maunlad na bukas.

Ilan sa matitingkad na anti-demokratiko at anti-mamamayang katangian at probisyon ng:



# Anti-Terror Act of 2020

Lubhang malabo na pakahulugan ng terorismo. Ayon sa batas, terorismo ang "sindakin ang publiko," "lumikha ng takot", "udyukan ang gubyerno o impluwensyahan ito gamit ang takot" o "seryosong yanigin o sirain ang saligang istruktura sa lipunan, ekonomya at lipunan" at iba pa.

Ang mapatunayang nagkasala ng terorismo ay hahatulan ng habambuhay na pagkabilanggo na walang benepisyo ng parole.

### Kasama sa "terorismo" ang anumang gawain, nagawa na o kahit pinaplano pa lamang:

Anumang gawaing "may hangaring "pumatay o puminsala sa sinuman," "sumira sa pasilidad pampubliko o ari-ariang pribado" o "puminsala sa kritikal na imprastruktura." (habambuhay)

"Pagbabanta na gumawa ng terorismo" (12 taon)

"Pagplano, pagsasanay, paghahanda o pagbibigay-daan sa terorismo" kabilang ang paghahanda ng dokumento."

"Pakikipagsabwatang gumawa ng terorismo" (habambuhay)

"Pagpapanukalang gumawa ng terorismo" (12 taon)

"Pang-uupat na gumawa ng terorismo" sa anyo ng pagsasalita, pagsusulat o pagdodrowing (12 taon)

**SEKSYON 25**

binigyan ng awtoridad ang itatayong Anti-Terrorism Council na magdeklara kung ano at sinong mga indibidwal, organisasyon o asosasyon, lokal o dayuhan, ang "terorista" at ang pag-*freeze* ng kanilang mga ari-arian, nang walang pagpapaalam o prosesong hudisyal.

**SEKSYON 29**

pag-aresto sa mga indibidwal na pinagsususpetsahan pa lamang na gagawa ng mga "krimen ng terorismo," nang walang mandamyento. Isinasaad din sa probisyong ito ang pagpapalawig ng detensyon na walang kautusan ng isang huwes, at walang hablang isinampa sa korte, ng mula sa dating maksimum na 36 oras na itinakda ng Saligang Batas ay magtatagal ng 14 hanggang 24 araw na pagbimbin sa isang suspetsado.

# IATF, palpak sa pagsugpo sa Covid-19

Malayo pa ang Pilipinas sa pagsugpo sa pandemyang Covid-19 matapos ang halos apat na buwan sa ilalim ng Bayanihan To Heal as One o Bayanihan Act. Tumataas pa rin ang bilang ng mga nagpopositibo sa bayrus. Noong Hulyo 6, mahigit 46,000 na ang may sakit na Covid-19 sa bansa. Hindi pa kasali rito ang sinasabing 8,000 kaso na nagpositibo pero naghihintay ng kumpirmasyon mula sa Department of Health.

Palpak si Duterte at kanyang mga heneral sa Inter-Agency Task Force for Emerging Infectious Diseases (IATF-EID) na sawatain ang pagkalat ng bayrus. Ang pinalalaganap nitong mga datos ay bungibungi, mali-mali, atrasado, at sa gayon ay walang silbi sa pagmapa ng pandemya. Limitado pa rin ang isinasagawa nitong *testing* (14,000/araw, wala pa sa kalahati sa ipinangakong 30,000/araw sa katapusan ng Mayo.) Mabagal pa rin ang isinasagawa nitong *contact tracing*. Dagdag na pulis at mga tropa ang naging tugon ni Duterte sa pagtaas ng bilang ng mga nahawa sa Cebu, sa halip na dagdag na pondo at manggagawang medikal.

Malala pa, ikinalat ng IATF ang bayrus sa mga prubinsya nang oraorada nitong pinauwi ang mga naistranded sa Metro Manila na walang wasto o labis na naantalang paglabas ng resulta ng pageeksamen para matiyak na hindi nila dala ang bayrus. Wala ring ginawa ang IATF para ihanda ang mga ospital at pasilidad pangkwarantina na sasalo sa kanila sa mga prubinsya. Noong Hulyo, lumitaw ang walong bagong "hotspot" ng bayrus na dala ng mga umuwi mula sa Metro Manila at Cebu.

Hanggang ngayon, kapos na kapos pa rin ang ayuda sa mga nawalan ng trabaho sa *lockdown*. Sa halos ₱3 trilyong inako at inuutang ni Duterte gamit ang Bayanihan, 31.5 milyong pamilya pa lamang ang nabigyan ng unang serye ng ayuda noong Hunyo 29. Nasa ₱186 bilyon pa lamang sa ₱272 bilyon ang naipamahagi sa mga lokal na gubyerno. Samantala, wala pa sa kalahati o ₱14 bilyon sa ₱30 bilyong pondo ang ginamit nito sa badyet pangkalusugan.

Nasa 3.1 milyong manggagawa lamang ang nabigyan ng ayuda, gayong mahigit pitong milyon ang nawalan ng trabaho, pansamantala at permanente, dahil sa *lockdown*. Sa sarbey noong Mayo, umaabot sa 5.4% ng mga manggagawa o 4.1 milyon ang naistranded sa iba't ibang bahagi ng bansa. Pinakamalaki rito ang sa Metro Manila (490,000). Marami sa kanila ang nagdurusa dahil sa pabagu-bago at arbitraryong mga patakaran ng IATF sa pagbyahe. Iniinda nila ang kalagayang wala silang pera, walang natatanggap na ayuda, walang matutuluyan, walang makain at walang posibilidad ng mapapasukan o mapagkakakitaan.

Nakapailalim pa rin sa iba't ibang antas ng *lockdown* ang bansa. Ang Pilipinas ang may pinakamahaba at pinakamarahas na *lockdown* sa buong mundo. Patuloy ang paghihigpit sa mamamayan pero maluwag naman pabor sa ilang negosyo, ahensya at sektor.




Limitado pa rin sa mga manggagawa ng "esensyal na mga negosyo at serbisyo" ang pinapayagang lumabas sa lahat ng tipo ng "kwarantina." Tiniyak nito ang tuluy-tuloy na operasyon ng dayuhang mga negosyo ng BPO, pasugalan, konstruksyon, manupaktura at malalaking *mall*.

Limitado pa rin ang pampublikong transportasyon kahit marami na ang pinabalik sa trabaho. Nitong Hulyo, walo lamang sa bawat 100 tradisyunal na dyip sa Metro Manila ang pinayagang pumasada. Ito ay kahit mas ligtas ang naturang mga dyip kumpara sa mga bus, *van* at "modernong" dyip na nakakulob at sa gayo'y mas malaki ang posibilidad ng pagkalat ng bayrus sa mga pasahero.

Arbitraryong ikinukulong pa rin sa kanilang mga bahay ang mga kabataang 21-anyos pababa. Mayorya sila sa 30 milyong pinagkakaitan ng karapatan sa edukasyon at trabaho na dulot pabagu-bago at kontra-mahirap na plano sa edukasyon at pagbubukas ng mga eskwelahan.

Mula Marso 7 hanggang Mayo 31, umaabot na sa 188,348 ang hinuli ng mga pulis dahil sa mga "paglabag sa kwarantina." Mahigit 57,700 ang kinasuhan at 23,377 ang pinagbayad ng multa.

Kinwestyon naman ng ilang mga abugado ang ligalidad ng *lockdown*, laluna ng mga restriksyon nito sa negosyo, byahe at kilos ng mamamayan. Anila, taliwas sa itinatakda ng konstitusyong 1987 ang pagpapataw ng pagbabawal na ito. Mali ang palagay na nakasaad ito sa Bayanihan dahil walang ganitong partikular na mga probisyon sa batas. Lalong nawalan ng ligal na tuntungan ang mga restriksyon sa byahe, pagtitipon at *curfew* matapos mawalan ng bisa ang Bayanihan Act noong Hunyo 24. AB

## "Aktibista, hindi terorista"

Nagtipon ang 1,500 aktibista sa University of the Philippines sa Diliman, Quezon City noong Hulyo 4, isang araw matapos pirmahan ni Rodrigo Duterte ang Republic Act 11479 o ang tinaguring batas kontra-terorismo. Pinangunahan ng Movement Against Tyranny at Bagong Alyansang Makabayan ang protesta, kasama ang iba't ibang organisasyong pambansa-demokratiko.

Nakipagkaisa sa mga raliyista ang iba pang mga grupong tutol sa batas, kabilang ang mga lider ng tradisyunal na oposisyon. Nagsagawa rin ng mga protesta sa Bacolod City, Cavite, Laguna, Cagayan, mga Pilipino sa Hong Kong, at maging sa harap ng Philippine Embassy sa Washington DC, US.

Pinirmahan ni Duterte ang panukala sa kabila ng malawak na pagtutol ng mamamayan.

Kaugnay nito, nagsumite na ng apat na petisyon sa Korte Suprema ang mga progresibong mambabatas, abugado at akademiko para ibasura ang batas na ito. Nakatakdang magkabisa ang batas sa Hulyo 19.

Nagprotesta naman ang mga mamamahayag noong Hulyo 3 sa Quezon City bilang suporta sa panawagang ibalik sa ere ang ABS-CBN. Tumuloy sa upisina ng Commission on Human Rights (CHR) ang mga raliyista. Nakatakdang maglabas ng desisyon ang Kongreso kaugnay sa papalawig ng prangkisa ng kumpanya sa Hulyo 7.

Bago nito, nagprotesta rin ang Kilusang Mayo Uno sa CHR sa okasyon ng ika-apat na taon ni Duterte noong Hunyo 30. Humiga sila sa harap ng upisina bilang simbolo ng pagkamatay ng batayang mga karapatan at kabuhayan sa ilalim ng rehimen. Kinalampag din ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas ang Department of Agriculture sa Quezon City para ipahayag ang galit sa kainutilan ng ahensya sa pagtulong sa mga magsasaka. Binatikos din nila ang korapsyon sa ahensya, sa porma ng sobra-sobrang pagpresyo sa abono na ipinamahagi bilang ayuda sa panahon ng pandemya. AB

## Bagong lipat na mga batalyon, binigwasan

Napangibabawan ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Eastern Samar (Sergio Lobina Command) ang atake ng bagong lipat na 78th IB sa Barangay Balingasag, Oras noong Hunyo 26. Nasamsam ng mga Pulang mandirigma mula sa mga sundalo nito ang dalawang ripleng R4 sa engkwentro. Kinukumpirma pa ang ulat na di bababa sa 10 sundalo ang napatay sa labanan. Nanggaling sa Leyte ang naturang batalyon.

Inisnayp naman ng BHB-Western Samar (Arnulfo Ortiz Command) ang 19th IB sa Sityo Galutan, Hagbay, San Jose de Buan noong Hulyo 1. Bagong lipat naman ang 19th IB mula sa North Cotabato. Binansagang "masaker batalyon" ang naturang yunit noong panahon ng rehimeng Arroyo dahil sa tindi at lala ng mga paglabag nito sa karapatang-tao. Una na itong naghasik ng teror sa Leyte. Kabilang sa mga krimen nito ang masaker sa walong magsasaka sa Palo at masaker sa Kananga kung saan pinatay ang siyentistang na si Prof. Leonard Co.

Samantala, pinaputukan ng BHB-Albay ang mga tropa ng pulis na nag-ooperasyon sa Barangay San Isidro, Jovellar noong Hunyo 23 nang madaling araw. Tugon ito ng BHB sa papatinding atakeng ala-SEMPO ng Joint Task Force Bicolandia. Isang pulis ang napatay habang tatlo ang nasugatan. Noong Hulyo 2, pinaputukan ng BHB-Sorsogon ang kampo ng 31st IB sa Sityo Cabugaan, Barangay San Isidro, Bulan, Sorsogon.

Sa Negros Occidental, patay sa pananambang ng BHB ang isang elemento ng 62nd IB sa Sityo Compound, Barangay Luz, Guihulngan City noong Hulyo 2, ala-5 ng hapon. Nakumpiska mula sa kanya ang isang kalibre .45 na pistola. Nag-ooperasyon sila sa mga baryo ng Central Negros na pinaghihinalaang sumusuporta sa BHB sa tabing ng Community Support Program (CSP).

Sa Antique, pinasabugan ng BHB-Antique ang tropa ng 61st IB na lulan ng dalawang sasakyang pangmilitar sa Barangay Igbagacay, Hamtic noong hatinggabi ng Hulyo 2. Apat ang napatay at dalawa ang nasugatan sa mga sundalo. AB

### 31 raliyista, inaresto

TATLUMPU'T ISANG RALIYISTA ang inaresto sa dalawang magkahiwalay na insidente nitong nagdaang mga linggo. Inilunsad ang mga protesta para tutulan ang batas sa terorismo ni Duterte.

Marahas na inaresto ng mga pulis ang 20 LGBT (lesbyana, bakla, bisekswal at *transgender*) at kanilang mga tagasuporta na nagprotesta sa paanan ng Mendiola sa Maynila noong Hunyo 26 bilang paggunita sa Pride Month. Pinangunahan ng organisasyong Bahaghari ang pagkilos ng mga LGBT laban sa tiraniya ng rehimeng Duterte. Arbitraryong idinetine ang mga biktima sa loob ng apat na araw.

Noong Hulyo 4, dinakip din ang 11 aktibista sa Cabuyao, Laguna na nagprotesta isang araw matapos pirmahan ni Rodrigo Duterte ang Anti-Terror Law. Tapos na ang kanilang protesta nang harangin at arestuhin sila ng pinagsanib na pwersa ng 2nd ID na naka-*full battle gear* at mga pulis ng Cabuyao. Dinala sila sa presinto at ikinulong nang tatlong araw.

## 50 milisya, nagtapos ng pagsasanay-militar sa Samar

Nagtapos sa Batayang Kurso sa Pulitiko-Militar ang 50 myembro ng milisyang bayan sa isang larangang gerilya sa Samar noong Abril. Mayorya sila sa 82 treyni na kumuha ng kurso. Ang 32 ay mga regular na Pulang mandirigma.

Mula sa limang baryo ang naturang mga myembro ng milisyang bayan na nagsanay sa loob ng pitong araw. Anim na instruktor ang nagbigay ng kurso. Sa tulungan ng mga instruktor at estudyante at sa tulong ng malapit na tsapter ng Kabataang Makabayan, naidaos nang ligtas ang pagsasanay-militar.

Sa isinagawang pagtatasa ng pagsasanay, maraming treyni ang kinakitaan ng potensyal na maging kadre-militar. Nakita ang determinasyon ng mamamayan na isulong ang digmang bayan sa laki ng bilang ng mga milisyang lumahok sa pagsasanay. Gayunpaman, may nakitang ilang kahinaan sa mga treyni sa pagpapatupad sa mga *drill* at ilang pagluwag sa mga patakaran.



Mahigpit ang pagtutulungan ng mga instruktor. Tulad sa anumang pag-aaral, napangibabawan nila ang mga gusot sa pamamagitan ng pagtatasa kada araw habang inihahanda ang mga aralin. Kabilang sa pagsisikap nilang pagkahusayan ang pagkakaisa sa pagbibigay ng mga kumand sa panahon ng ehersisyo at mga pagsasanay.

Bahagi ang pagsasanay sa pagsisikap ng kumand sa operasyon ng Bagong Hukbong Bayan sa rehiyon na itaas ang kakayahan ng mga Pulang mandirigma sa digma, kapwa ang mga pultaymer at partaymer. Ito ay paghahanda sa paglulunsad ng mas masisinsing taktikal na opensiba bilang tugon sa papatinding kontra-rebolusyonaryong gera ng rehimeng Duterte. AB

## Tulong-tulong ang masa sa pagharap sa hirap at pandemya

Malaki ang epekto sa mga magsasaka ng arbitraryong paghihigpit sa pagkilos na iniutos ni Duterte sa ngalan ng pagsugpo ng Covid-19. Kabilang sa mga apektado ang mga magsasaka sa Bicol na hindi pa nakababawi mula sa pinsalang idinulot ng bagyong Tisoy noong nakaraang taon. Para makaagapay, inilulunsad ng mga rebolusyonaryong organisasyon ng magsasaka rito ang iba't ibang inisyatiba sa kani-kanilang mga barangay.

Katuwang ang mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan, pinalakas ng mga magsasaka sa Barangay Kawayan ang mga "grutul" o pangkat sa pagtutulungan sa produksyon. Dahil sa restriksyon, hindi nila madaling naibebenta ang kanilang produkto at kung mailulusot, napakababa pa ng presyo. Umaabot lamang sa P600 ang tuyong palay at ang bigas ay nasa ₱1,500 bawat sako. Para makaagapay sa kagyat na mga pangangailangan, nagtanim ng mga halaman ang mga pangkat na mabilis nilang mapatutubo at mapakikinabangan. Ang sobrang ani ng mga grutul ay ipinamahagi sa kanilang mga kapitbahay.

Sa Barangay Narra, nag-organisa ang sangay ng Partido sa lokalidad (SPL) ng operasyong *relief* kung saan 700 pamilya ang nabigyan ng tig-5 kilong bigas. Naglunsad din ng *feeding program* ang mga organisasyon ng magsasaka. Kasabay nito, namahagi ang sangay ng mga polyetong naglalaman ng impormasyon hinggil sa Covid-19.

Sa Barangay Lawaan, idinaan sa kultural na pamamaraan ang kampanyang impormasyon laban sa Covid-19. Bumuo ang mga magsasaka ng mga dula, kanta, rap, sayaw at *jingle* hinggil sa kanilang kalagayan sa ilalim ng pandemya. Ginamit nila ang mga ito sa mga treyning medikal, klinikang bayan at mga pagpupulong sa komunidad.

Sa lahat ng mga erya, pinataas ng Pulang hukbo ang kapasidad at kaalaman ng mga residente hinggil sa alternatibong medisina tulad ng akupangtura at mga halamang gamot upang mapanatili ang kalusugan, makaiwas sa Covid-19 at iba pang karamdaman.

Naisagawa ang mga aktibidad na ito sa kabila ng makilos na operasyong kombat ng mga sundalo ng AFP sa kanilang barangay. Determinado at buo ang suporta ng mga magsasaka sa kanilang hukbo kung kaya't mahusay silang naglihim, nagpatawag ng pulong at nagpasa ng impormasyon sa BHB. AB

# 8 magsasaka, pinaslang sa loob ng 8 araw

Walong magsasaka ang magkakasunod na pinaslang ng mga armadong elemento ng rehimen sa loob lamang ng walong araw. Lahat ng mga biktima ay malisyosong inakusahang mga kasapi o may kaugnayan sa Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Pinaslang si Jose Jerry Catalogo, upisyal ng National Federation of Sugar Workers ng mga ahente ng estado bandang alas-5 ng umaga noong Hunyo 23. Nagpapakain noon ng kalabaw ang biktima nang siya ay pagbabarilin sa labas ng kanyang bahay sa Barangay Paitan, Escalante City, Negros Occidental. Bago ang pagpaslang, naiulat na ipinaiilalim sa pagmamanman si Catalogo.

Sa Northern Samar, inistraping ng 20th IB ang bahay ng magsasakang si Zaldy Meraya sa Palapag, Northern Samar noong Hunyo 20. Namatay sa insidente si Meraya at kanyang kasamahang si Bebe Tobino. Sugatan naman ang kanyang anak na si Jolina Calot na kasapi ng League of Filipino Students, kanyang asawa at isa pa niyang anak.

Sa Albay, pinsalang ng hinihinalang mga pulis ang mga aktibistang sina Elder Moina at Jose Arthur Clemente sa Barangay San Isidro, Jovellar noong Hunyo 24. Dati nang nakatanggap ng banta sa buhay ang dalawa.

Sa Masbate, pinagbabaril ng mga pulis sina Rogen Orcales Languido, Danny Boy Tibay Pepito, Sr., at menor-de-edad na anak sa Barangay Mahayahay, Placer noong Hunyo 17. Niransak ng mga pulis ang bahay ng mga biktima at nagnakaw ng isang selpon.

**Pag-aresto.** Inaresto ng mga pulis ang pitong Lumad sa Barangay Blanco, Balingasag, Misamis Oriental noong Hunyo 26. Sila ay mga kasapi ng Kalumbay Lumad Organization na tumututol sa mapandambong na operasyong mina, pagtotroso at ekoturismo sa Mt. Balatukan.

Sa Negros Oriental, apat na residente ang dinakip ng 62nd IB sa Barangay Luz, Guihulngan City noong Hulyo 4. Binugbog ang mga biktima at inakusahang sangkot sa opensiba ng BHB noong Hulyo 2.

**Pamimilit.** Sapilitang pinagiya ng 4th MBLT at 18th SFC ang dalawang menor-de-edad na Palaw'an sa 3-linggong operasyong militar nila sa Palawan noong nakaraang buwan. Sinaklaw ng operasyon ang anim na barangay sa mga bayan ng Brooke's Point, Rizal at Bataraza. Kinontrol ng mga sundalo ang kilos ng mga magsasaka at pinigilan silang pumunta sa bukid.

Sa Barangay Aribungos, Brooke's Point, niransak ng mga sundalo ang mga kabahayan at sinira ang pananim ng mga residente. Napilitang lumikas ang 10 pamilyang Palaw'an dahil sa operasyon. AB



### 9 na taga-ulat ng UN, kumontra sa *terror bill*

SIYAM NA ESPESYAL na komite at taga-ulat ng United Nations ang sumulat kay Rodrigo Duterte noong Hunyo 29 para ipahayag ang kanilang ekspertong opinyon at pagsalungat sa Anti-Terror Bill (ngayon ay Anti-Terror Law). Anila, nilalabag ng naturang batas ang mga internasyunal na alituntunin ng mga karapatang sibil at pulitikal, gayundin ang Unibersal na Deklarasyon sa mga Karapatang-tao.

Partikular na binanggit ng mga espesyal na taga-ulat ang mga probisyon ng batas na lumalabag sa unibersal na karapatan laban sa arbitraryong pang-aaresto at detensyon, kalayaan sa pamamahayag at magpahayag at karapatan para sa mapayapang pagtitipon. Anila, masyadong malawig at malabo ang depinisyon ng terorismo nito. Taliwas ito sa sinasabi ng mga upisyal ng rehimen na "naaayon" ang depinisyon ng batas sa internasyunal na pamantayan.

Binatikos din ng mga upisyal ng UN ang mga probisyong nagbibigay sa sangay ng ehekutibo ng mga awtoridad na nararapat sa mga korte, kawalan ng wastong proseso sa pagsasakdal, ang mga paglabag sa pribasiya at ang arbitraryong paglimita sa mapagkawanggawang aktibidad sa hinalang nakatutulong ito sa "terorismo."

### Ina at 2-araw na sanggol, ibinalik sa kulungan

WALANG AWANG IBINALIK sa Manila City Jail Female Dorm ang bagong-panganak na bilanggong pulitikal na si Reina Mae Nasino, kasama ang kanyang sanggol noong Hulyo 2. Dalawang araw pa lamang matapos manganak si Nasino at nangangailangan pa ang kanyang sanggol ng atensyong medikal dahil kulang ito sa timbang. Kabilang si Nasino sa mga lider ng progresibong organisasyon na sabayang inaresto sa Tondo, Maynila at sinampahan ng gawa-gawang kaso noong Nobyembre 2019.

Hanggang ngayon ay hindi pa inaaksyunan ng Korte Suprema ang petisyon ng mga pamilya at tagasuporta ng mga bilanggong pulitikal na palayain ang detenidong matatanda, sakitin, buntis at bagong panganak. Dahilan ng korte, hindi makabyahe mula sa Visayas ang huwes na nakatalagang duminig dito dahil sa *lockdown*.

# Nakapokus na operasyong militar sa Leyte

Iba't ibang paraan ang ginagawa ng 802nd IBde para palabasing nagapi na nito ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Leyte. Masinsin ang inilunsad nitong mga nakapokus na operasyong militar mula Marso hanggang Abril. Kasabay nito, nagpapakalat ito ng disimpormasyon gaya ng gawa-gawang mga operasyon, engkwentro, o maramihang pagsurender.

Naglunsad ng operasyong kombat ang 78th IB sa di bababa sa 11 baryo sa mga bayan ng Mahaplag at Abuyog sa Leyte, at Sogod at Bontoc sa Southern Leyte. Inokupa naman ng mga sundalo ang Pandan, Maligaya, at Sta. Cruz sa Mahapalag, Pinamanagan sa Abuyog, Kahupian at Pancho Villa sa Sogod, at Ulisihan sa Bontoc sa ilalim ng Retooled Community Support Program (RCSP). Tinatakot, ipinapatawag sa kampo ng militar at sapilitan nitong "pinasusurender" ang mga natukoy nilang lider-magsasaka. Binabantayan ng mga sundalo ang kilos ng mga residente, kabilang ang pagpunta nila sa sakahan.

Nagtayo ang mga sundalo ng pahirap na mga tsekpoynt sa haywey sa Hilongos, Mahaplag at Sogod sa tabing ng kampanya kontra Covid-19. Babala nila, papatayin ang sinumang dadaan sa tsekpoynt na positibo sa Covid-19.

Sa ikatlong distrito ng Leyte, mahigit 100 tropa ng 93rd IB ang naglunsad ng mahigit isang linggong operasyon sa mga barangay ng Monterico, San Vicente at Manlilinao sa Ormoc, at Bulak sa Matag-ob. Sa ibang bahagi ng Ormoc, nagsanib pwersa ang AFP at PNP upang magsagawa ng operasyong kombat sa mga baryo ng Biliboy, Donghol, Mahayag, Boroc at Hugpat mula noong huling linggo ng Pebrero hanggang unang linggo ng Marso. Nagtayo rin ng tsekpoynt ang militar sa mga hangganan ng Ormoc at Kananga.

Nasa erya ang mga sundalo bilang pwersang panseguridad ng proyektong ekoturismo ng kongresista ng Leyte na si Vicente Veloso. Tatagos mula Matag-ob hanggang Merida ang pinaplanong resort na magpapalayas sa mga residente.

Nagkakampanya rin ang 802nd IBde ng pekeng pagpapasurender sa pamamagitan ng programang E-CLIP sa Carigara. Sa San Isidro at Calubian, "ipinagmamayabang" ng 802nd IBde ang 262 diumano'y mga dating rebelde na maramihang sumurender noong Pebrero. Ibinulsa ng mga upisyal ng brigada ang malaking bahagi ng ₱6,258,000 ayuda na inilaan umano para sa mga "surenderi." AB

## Ulat ng mga paglabag sa karapatang-tao

SA TALAAN NG *Ang Bayan*, umabot na sa 24,638 (o 135 kada araw) ang naging biktima ng iba't ibang tipo ng paglabag sa karapatang-tao mula Enero 1 hanggang Hunyo 30 ngayong taon. Hindi pa kabilang sa suma na ito ang puo-puong libong arbitraryong nilabag ang karapatan dahil sa umano'y mga paglabag sa lockdown sa panahon ng pandemya.

Sa loob ng anim na buwan, umabot sa 46 aktibista at sibilyan ang naging biktima ng pampulitikang pamamaslang, habang 425 naman ang inaresto at idinetine. Mga magsasaka ang kalakhan sa mga pinaslang (32) at inaresto (280). Mayorya sa kanila ay pinaslang sa Bicol (14) at inaresto sa North Central Mindanao Region (140).

Mula Marso 15, nakapagtala rin ang *Ang Bayan* ng iba't ibang porma ng pang-aatakeng militar sa hindi bababa sa 625 barangay ng 247 bayan at lunsod sa 54 prubinsya kasabay ng pananalasa ng pandemyang Covid-19. Naiulat nito ang 17 kaso ng pambobomba, istraping at panganganyon sa panahon ito, kung saan 14 ay naganap sa Mindanao. Nagresulta ang mga pang-aatakeng ito sa pagbabakwit ng hindi bababa sa 15,768 sibilyan. Pinakamarami sa mga bakwit ay mula sa Western Mindanao (11,810).

Ang matinding opensiba laban sa mamamayan sa unang hati ng taong 2020 ay direktang resulta ng kampanya kontra-insurhensya ng rehimen na pinangungunahan ng mga armadong galamay nito at ng National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC).

**Mga paglabag sa karapatang-tao (Enero-Hunyo 2020)**

| | |
|---|---|
| Pampulitikang pagpaslang | 46 |
| Tangkang pagpaslang | 21 |
| Pag-aresto at detensyon | 425 |
| Pagbabanta, panggigipit, intimidasyon | 3,292 |
| Pagbabakwit | 17,193 |
| Pagwasak sa ari-arian | 72 |
| Iligal na paghalughog at pagkumpiksa | 46 |

**Atakeng militar sa mga komunidad sa panahon ng Covid-19 (Marso 15-Hunyo 2020)**

| | |
|---|---|
| Barangay | 625 |
| Bayan | 247 |
| Prubinsya | 54 |

| | |
|---|---|
| 12 | Pambobomba at/o pag-istraping |
| 5 | Panganganyon |

## Asahan ang mas masahol na brutalidad ng 901st IBde sa Caraga

Ibayong karahasan at paglabag sa karapatang-tao ang daranasin ng mga Caraganon sa paglipat ng berdugong 901st IBde, na pinamumunuan ni Brig. Gen. Gabriel Viray, sa ilalim ng 4th ID. Inianunsyo ng militar ang pag-deploy sa brigada noong Hunyo 16, alinsunod sa target ni Duterte na "tapusin" ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa taong 2022. Nakatakdang mag-operasyon ang brigada sa Surigao del Norte at kanugnog nitong mga prubinsya.

Sa isang pahayag, inutusan ng kumander ng 4th ID na si Maj. Gen. Andres C. Centino ang brigada na "durugin ang BHB" sa rehiyon na aniya'y "nasa bingit na ng hindi mapipigilang pagbagsak." Ang deklarasyong ito rin ang sinambit ng nagdaang mga rehimen nang ideploy ng mga ito ang 901st IBde sa Cotabato, Albay at Catanduanes kung saan ay nabigo ang brigada na durugin ang hukbong bayan. Ang 901st IBde ay notoryus sa pagtarget sa mga sibilyan at paghahasik ng pasistang teror, lalo na laban sa mga magsasaka at aktibista upang patahimikin sila at supilin ang kanilang paglaban.

Sa pagpakat nito sa rehiyon ng Caraga, tiyak na mas masasahol na krimen ang isasagawa nito.

Kabilang sa pinakamasahol na krimen ng 901st IBde ang magkasunod na pagpaslang ng mga tropa nito sa anim na magsasaka sa Albay noong Enero 2010. Dalawa sa mga biktima nito ang pinugutan ng ulo, isa ang sinunog at isa pa ay nilaslasan ng leeg.

Ngayong taon sa Cotabato, nagpakana ang 901st IBde ng mga seremonya para sa peke at malakihang pagsusurender ng mga sibilyan upang palabasing napagtatagumpayan nito ang gera laban sa BHB sa Southern Mindanao at maibulsa ng mga upisyal ang malaking pondo para sa E-CLIP. Noong Marso, ipinarada ng brigada ang hindi bababa sa 28 sibilyan na anila'y mga "nagbalik-loob" na Pulang mandirigma at "nakatanggap" sa kabuuan ng ₱3.7 milyon. AB

# Kasaysayan ng pagkaalipin ng mga Itim

Mahigit isang buwan nang tuluy-tuloy ang malalaking protesta ng kilusang Black Lives Matter sa iba't ibang bahagi ng US. Isinusulong nito hindi lamang ang mga karapatan at kagalingan ng mga Itim sa kasalukuyan kundi pati ang pagwawasto sa siglo-siglong pang-aapi at pagsasamantala sa kanila sa US.



Unang dumating sa hilagang bahagi ng kontinenteng America ang mga Itim bilang mga alipin. Bagamat dati nang ikinakalakal ang mga Itim na alipin sa kontinente noon pang ika-16 siglo, itinuturing ang Agosto 1619 bilang simula ng pang-aalipin sa kanila. Ito'y nang dumating sa Virginia ang isang barkong lulan ang mahigit 20 alipin mula sa Africa. Noo'y sakop pa ng Britain (UK) ang mga teritoryo sa US.

Nagsimulang gawing ligal ang pang-aalipin noong 1641. Ang mga alipin ay pinagtrabaho sa mga plantasyon ng tabako, palay, tubo, indigo at iba pa. Itinakda ng batas noong 1654 na habambuhay na pag-aari ng kapitalistang panginoon ang kanyang alipin at mga anak nito. Dinanas nila ang di-makataong pamumuhay at brutal na mga kaparusahan kabilang ang paglatigo, pagbitay, pagputol ng bahagi ng katawan, panggagahasa at iba pang pagmamalupit.

Noong huling bahagi ng siglo 1700, 3.2 milyong aliping Itim ang pinagtrabaho sa malalawak na plantasyon ng bulak. Pagsapit ng 1860, sa bisperas ng modernong manupaktura, dalawang-katlo ng suplay ng bulak sa buong mundo ay mula sa paggawang alipin.

Sumulong ang kilusan sa pagwawakas ng pang-aalipin sa naganap na digmaang sibil noong 1861. Upisyal na winakasan ang pang-aalipin noong Hunyo 19, 1865, pero nagpatuloy ang diskriminasyon at rasismo sa mga manggagawang Itim.

Aabutin pa ng 99 taon matapos wakasan ang pang-aalipin sa mga Itim, bago kinilala noong 1964 ang pantay na karapatan para sa lahat. Bunga ito ng malawak na kilusan noong dekada 1950 at 1960 para sa karapatang sibil, gayundin, ang pag-usbong ng mga rebolusyonaryong samahan ng mga Itim.

Subalit matapos ang mahigit kalahating siglo, hindi pa rin tuluyang nabubura ang diskriminasyon, pang-aapi at pagpapahirap sa mga Itim. Pana-panahong sumisiklab ang malalawak na protesta ng mga Itim. Ang ilang linggo nang protesta sa US sa diwang "Black Lives Matter" o "May Saysay ang Buhay ng mga Itim" ang pinakamalawak at sustenido sa nagdaang mga dekada. AB

## Inter-imperyalistang pang-uupat ng gera sa SCS

PINAIGTING NA PAG-UUPATAN ng gera ang isinasagawa ng China at US nitong Hulyo sa South China Sea (SCS). Naglunsad ng serye ng *war game*s ang China malapit sa Paracel Islands noong Hulyo 1-5 bilang pagpapamalas ng imperyalistang lakas nito sa lugar. Ang Paracel Islands ay teritoryong inaangkin ng Vietnam. Isang araw bago nito, naglayag sa karagatang ito ang USS Gabrielle Giffords.

Kasabay nito, naglunsad ang US ng sariling pagpapakita ng lakas sa SCS. Tinaguriang "pinakamalaki sa tipo nito" ang inilulunsad na *war games* ng US. Nilahukan ito ng USS Nimitz at USS Ronald Reagan, parehong "lumulutang na base militar" at mga eroplanong pambomba na lumipad mula sa mga paliparan ng US dito mula Hulyo 4. Bago nito, nagsagawa na ang dalawang nabanggit na barkong pandigma, kasama ang isa pa—ang USS Theodore Roosevelt—ng *war games* sa silangang bahagi ng Pilipinas. Nanatili ang USS Theodore Roosevelt sa panig na ito, habang abala sa pagpapakitang lakas ng US sa South China Sea. Inilulunsad ng US ang mga *war games* na ito sa tabing ng pagtatanggol sa "malayang paglalayag" at para makuha ang suporta ng mga bansang tumututol sa agresyong militar ng China.

Para sa US at China, bahagi ang mga agresibong aksyon na ito sa pagpusisyon ng gamit at tropa at tiyakin ang kani-kanilang mga estratehikong interes sa Asia-Pacific.

---

## Comrade Zia, sulo ng uring proletaryado sa Afghanistan

NAGPAHAYAG NG PAKIKIRAMAY ang Partido Komunista ng Pilipinas sa proletaryado at mamamayan ng Afghanistan sa pagpanaw ni Comrade Zia, 68, tagapangulo ng Communist (Maoist) Party of Afghanistan (CMPA).

Gumampan ng susing papel si Comrade Zia sa paglaban sa imperyalistang panghihimasok at okupasyon ng US sa Afghanistan noong 2001. Pagkatapos ng tatlong taon, inorganisa niya ang Unity Congress na nagbuklod sa tatlong Maoistang kilusan sa Afghanistan at nagresulta sa pagtatatag ng CMPA. Dalawang beses na nahalal si Comrade Zia bilang tagapangulo nito.

Sa loob ng dalawang dekada, pinangunahan ni Comrade Zia ang paghubog at pagpapatalas ng linya sa ideolohiya at pulitika ng CMPA. Nagsulat siya ng daan-daang mga rebolusyonaryo at teoretikal na mga artikulo hinggil sa mga isyung kinahaharap ng CMPA at ng internasyunal na kilusang komunista.

---

## 10,000 nagtipon sa base ng CPI-Maoist

SAMPUNG LIBONG MAMAMAYAN ang dumalo sa pagtitipon na ipinatawag ng Communist Party of India (CPI)-Maoist sa Bastar sa Chhattisgarh State noong Hunyo 18. Nagtagal nang tatlong araw ang pagtitipon kung saan nagulat ang Partido ng mga nakamit na pagkakaisa at mga tagumpay.

Pinasinayaan ang pagtitipon ni Nambala Keshav Rao, ang bagong pangkalahatang kalihim ng Partido kasama ang ibang mga kumander at upisyal ng People's Liberation Army. Tinalakay niya ang mga opensibang nailunsad ng hukbong bayan sa lugar at ipinakita ang mga armas na nasamsam sa nagdaang mga buwan. Binalikan din sa pagtitipon ang mga plano sa mga kampanya at opensibang ilulunsad sa lugar.

Tinatayang nasa 300 armadong kasapi ng CPI-Maoist at 500 milisya ang nag-asikaso sa seguridad ng pagtitipon.

## Pagpupugay kay Jaime Soledad, NDFP konsultant

PINARANGALAN NG Partido Komunista ng Pilipinas si Kasamang Jaime Soledad (kilala rin bilang Ka Mike, Ka Jordan at Ka Fred) sa kanyang walang imbot na paglilingkod sa nakikibakang mamamayan at rebolusyonaryong kilusan. Namatay si Ka Jaime sa sakit na kanser noong Mayo 13 sa edad na 70.

Pinakahuling ginampanang tungkulin ni Ka Jaime ang pagiging konsultant sa usapang pangkapayapaan ng National Democratic Front of the Philippines mula 2016 hanggang 2017. Mula dekada 1970, isa si Ka Jaime sa mga namumunong kadre na namuno sa pagpundiar at pagsulong ng rebolusyonaryong kilusan sa Leyte. Noong 2005-2009, napabilang siya sa *Ang Bayan* bilang manunulat at tagasalin sa Waray at Bisaya. Iligal siyang inaresto noong 2009 at napalaya noong 2016 para lumahok sa usapang pangkapayapaan. Nagsilbi rin siyang tagapagsalita ng National Democratic Front-Eastern Visayas sa panahon ng rehimen ni Corazon Aquino.

Isa si Ka Jaime sa kabataang tumungo sa kanayunan noong dekada 1970 na nagsilbing binhi sa paglalatag ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Estudyante siya sa University of the Philippines bago siya nadeploy sa Leyte. Tinalikuran niya ang UP Vanguard, ang organisasyon ng mga upisyal ng ROTC sa unibersidad para sumapi sa BHB.